# HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. VI No. 08 JANUARY 24-30 ,2022 P 10.00 ISSN No.: 2672-3034




**Vice Mayor Ony Cantimbuhan**
*Imus City, Cavite*

# ORDINANSA PARA SA "NO VAX, NO LABAS" POLICY, LUSOT NA SA MAYNILA

P.2












*Lubos ang pasasalamat ni Bacoor City Mayor Lani Revilla sa Philippine Coastguard na tumulong na maihatid ang mga yero na donasyon ng RRJ Foundation para sa mga biktima ng Bagyong Odette sa Visayas. Ayon kay Mayor Lani,"Hangad naming matulungan kayong makabangon muli sa buhay at masimulan ang muling pagkukumpuni ng inyong mga tahanan."*

**ADVERTISE WITH US!** **Contact Number: 09460039850** **E-mail Address: humanitynews@yahoo.com**



*Kasama ni Cong. Alex 'AA' Advincula si Konsehal AJ Advincula at dating Mayor Homer Saquilayan, naiturnover ang Fire Truck ng Barangay Alapan 1A, Malagasang 1A, Buhay na Tubig, Bayan Luma 3 at Pag-asa 1.*
*Ayon sa facebook post ni Cong. Advincula,"Hiling ko po ay alagaan natin ito para makapagbigay ng serbisyong agaran at maasahan sa inyong kanya-kanyang barangay lalo na ngayong panahon ng pandemya."*

# Ordinansa para sa "NO VAX, NO LABAS" policy, lusot na sa Maynila

Inilabas na rin ng lokal na pamahalaan ng Maynila ang ordinansa na maghihigpit sa paggalaw ng mga 'di pa bakunadong indibidwal sa lungsod.

Alinsunod na rin ito sa napagkasunduan ng Metro Manila mayors ngayong nasa ilalim pa rin ng Alert level 3 ang National Capital Region, sa gitna ng banta ng omicron variant.

Paliwanag ni Presidential candidate at Manila Mayor Isko Moreno, paraan lamang ito para mapigilan ang mabilis na hawaan ng naturang strain.

"While it is true I agree (with the decision of Metro Manila mayors), we were the first city na nag-bawal sa mall ng mga hindi bakunado. I think that is a message already. In fairness to the mall owners and operators sumunod sila. Tayo pipilitin natin pero pag talagang nagkaduluhan na eh kailangan may desisyon," ani Moreno.

Giit pa ni Moreno, hindi dapat maging isyu ang pagkakapantay-pantay ng mga residente.

"Wala na tayong masisisi. Kasi napaka-unfair, kasi dapat maging fair din naman tayo. Napaka-unfair sa mga vaccinated, sa mga pumila, sa mga nag-tiyaga para may proteksyon sa kanilang mga sarili. Napaka unfair sa kanila," bwelta niya.

Kaugnay nito, tiniyak ng lokal na pamahalaan na mas paiigtingin pa nila ang vaccine drive sa lungsod para mahimok pa ang mga 'di pa nagpapabakuna.

"We will continue to reach out. Hindi naman po sa pagbubuhat ng bangko, makikita nyo naman ang mga bakunahan sa Health Center, eskwelahan, shopping malls at drive-thru. Lahat na ng uri ng opsyon, lahat na ng uri ng access , pinipilit naming. Panipis na ng panipis 'yung aming resources pero pinipilit namin habaan ang kamay namin and its time for you to decide," dagdag ng alkalde.

Nanindigan din si Moreno na nakabatay sa siyensya ang mga aksyon ng pamahalaan.

"Now, 'yung desisyong pipiliin ninyo dalawang bagay po yan: Una, para sa inyo. Pangalawa, para sa pamilya ninyo. Get vaccinated, huwag kayo maniwala sa Marites. Maniwala tayo sa siyensya dahil 1 health problem po ito, threat sa kalusugan natin kaya kailangan nyo proteksyunan ang kalusugan natin," sabi ng opisyal.

Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**MARICAR D. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**GRETHSEL B. LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE


All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.

PAPER.Ph
EST. 2019

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Advertisement Rate: Per column = Php 200.00



**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

## PAANO BA AYUSIN?

1. Kapag may problema'y paano ayusin?
Iyan yaong paksa na tatalakayin,
Problema'y paglayo sa normal na tingin,
At sa normal ano ang dapat na gawin.

2. Alamin kung anong bagay ang nagbago,
Sukatin ang layo sa normal na gusto,
Hanapin kung saan naliko nang husto.
Sino ang lumikha at nagkaganito?

3. Matapos makita ang tao at lugar
Na pinanggalingan nitong hindi normal
Suriin ang tao at bigyan ng aral,
At ang lugar naman ayusing mainam.


4. Sa paglutas nitong isang suliranin,
Marapat totoo lahat ay hanapin,
Pumili ng taong doon ay magaling,
At siya'y ilagay sa kanyang tungkulin.

5. Mula sa simulang liko ang proseso,
Doon pasimulang gawin ang trabaho,
Ang taong nangulo sa paglutas nito,
Bigyan nitong utos magreport sa iyo.

6. Wala namang bagay na napakahirap
Na hindi makaya ng taong tutupad,
Bigyan ng suporta at tamang paglingap
Ang ganyang simula ay may tamang sipat.

7. Sapagka't problema ay likas sa atin,
Ito ang pagsubok na kakabakahin,
Sa temang ganito tao'y sinasaling,
At pinatitibay sa kanyang landasin.

8. Hanapin ang tao na nagtatagumpay,
Suriin ang lahat nitong kanyang buhay,
Paano inayos niya ang liko't lumbay,
Doon niya kinuha tagumpay sa kamay.




# Vaccination rollout resumes in GenTri after a week's break due to CoVid surge



Thousands of residents of General Trias City stayed on queue to get their CoVid-19 vaccine shot during today's, (Monday, January 17, 2022) resumption of the ResBakuna vaccination program of the city government held at the vaccination site at the 3rd Floor of the Robinson's Place-General Trias.

The city government was forced to close all the vaccination sites in the city after the infection of several healthcare workers and frontliners causing the shortage in vaccination staff. (PIA-Cavite)

# Klase sa lahat ng antas sa CALABARZON, suspendido mula Enero 17 hanggang 29-DEPED CALABARZON

Sinuspinde ng Department of Education Calabarzon ang mga klase sa lahat ng antas ng baitang sa rehiyon simula Enero 17 hanggang Enero 29, 2022, sa gitna ng pagtaas ng mga kaso ng COVID-19.

Nilagdaan noong Huwebes, nakasaad sa Regional Memorandum Blg. 32, s. 2022 ang pansamantalang pagsususpinde sa lahat ng iba pang aktibidad ng paaralan, pisikal man o virtual, na kinasasangkutan ng mga school-based personnel, guro, mag-aaral, at magulang.

"DepEd CALABARZON announces the suspension of classes in all grade levels on January 17 - 29, 2022. This suspension includes all other school activities, whether physical or virtual (online), that involve school-based personnel, learners, and parents," ayon sa nasabing memorandum.

"The schedule of midyear break on January 31 – February 5, 2022, shall remain as stipulated in DO 29, s. 2021," dagdag pa nito.

Noong Miyerkules, hinimok ng DepEd ang mga regional at schools division offices na magkaroon ng discretion sa pagsususpinde ng mga klase at iba pang aktibidad na may kinalaman sa pagtuturo ngayong Enero sa gitna ng pagdami ng mga kaso ng COVID-19.

Samantala, sinabi ng DepEd na ang mga pribadong paaralan, sa konsultasyon sa mga parents' associations, ay maaari ding magpataw ng suspensyon ng mga klase at K to 12 learning activities dahil sa mataas na panganib sa COVID-19.




# PhilHealth, nangakong magbabayad sa mga ospital sa loob ng 6 na buwan

Sinabi ng Philippine Health Insurance Corp. (PhilHealth) na mababayaran na nito sa loob ng anim na buwan ang mga atraso sa iba't ibang mga ospital na aabot sa P25.45 bilyon.

Ang pangako ay ibinigay ng pangulo at CEO ng PhilHealth na si Dante Gierran noong Martes, Enero 11, sa harap ng komite sa kalusugan ng Kamara, na kasalukuyang nagsasagawa ng pagsisiyasat sa "unsettled claims" ng mga pribadong ospital.

"We are now processing payment for this P25.45 billion. We have to settle this in six months' time," pahayag ni Gierran.

Sa pagdinig ng kongreso, inamin niya na nahihirapan ang PhilHealth sa pagproseso ng mga claim ng mga pribadong ospital dahil sa kakulangan ng manpower at problema sa IT system ng ahensya.

"We have been overwhelmed by the receipt of claims from our partner hospitals. You could just imagine, from 31,000 a day in 2020, it now went up 39,000 in 2021. And that is a jump of 25 percent. But our number of personnel did not increase," aniya.

Ngunit sa ilalim ng debit-credit payment method (DCPM), nangako ang PhilHealth chief ng mas mabilis na paglalabas ng pondo kung saan 60 porsiyento ng mga claim ng mga kwalipikadong ospital ay mababayaran kahit na ang kanilang reimbursement account ay nasa proseso pa.

Ang natitirang 40 porsiyento ay babayaran kapag natapos na ang pagproseso ng kanilang mga claims, tiniyak ni Gierran.

"The matter of doing the processing is not an easy job. And it requires somebody in the PhilHealth who is already conversant in the matter of processing," aniya.

Idinagdag niya na ang workload ay hindi maaaring i-outsource dahil anumang error ay maaaring i-flag ng Commission on Audit.

Umapela naman ang Private Hospitals Association of the Philippines (PHAPi) sa PhilHealth na isaalang-alang ang pagbabalik sa regular na pagproseso ng mga claim sa halip na ipatupad ang DCPM, na ang mga probisyon ay malabo.

"There are still hospitals that are skeptical because they cannot understand why we are talking about DCPM when we can talk about normal processing, speeding up the normal claims processing," pahayag ni PHAPi president Jaime Almora sa parehong hearing.

(GOCAVITE)

*Pagbati Mula kina:*



**Cong. Jonjon Ferrer**
*Gen. Trias, 6th Dist. of Cavite*



**Cong. Alex "AA" Advincula**
*3rd District of Cavite*



## FAMOUS PERSONALITIES

*BY*

*NICO & NIELSEN BAUTISTA*

**ALEXEI TOLSTOY** -- Siya ay isang tanyag na manunulat ng Russia na nagmulat sa mata ni Gandhi na ang iilang British ay di maaring manaig sa milyong Indians na nais ipatupad ang sariling karapatan sa kanilang bansang India.



## LET THERE BE LIGHT!

By

Eng'r. VEr Campaña Bautista

*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**BALUBAD -** Ang Balubad, Silang ay nayon kung saan dati ay maraming kasoy o balubad sa Tagalog.

# Legarda calls for mandatory free mass testing, urges for the enactment of Better Normal Bill



LEGARDA

With the recent surge of COVID-19 cases in the Philippines, three-term Senator and Deputy Speaker Loren Legarda once again called for mandatory free testing to help prevent the transmission of the virus.

Citing the two Bayanihan laws that embody the national government's pandemic response and recovery strategies, Legarda stated in a recent interview that there should already be sufficient and accessible COVID-19 testing centers in the country which shall be overseen by the Inter-agency Task Force on Emerging Infectious Diseases, in cooperation with the Department of Health (DOH), Department of the Interior and Local Government (DILG), Department of Labor and Employment (DOLE), and Department of Trade and Industry (DTI). These testing centers should provide free tests for the Filipinos.

Legarda also shared that, in her home province of Antique, they were able to establish a molecular laboratory, utilizing the budget of the provincial government, that can process COVID-19 RT-PCR tests. "Antiqueños now need not go to neighboring provinces of Iloilo or Aklan to do their RT-PCR tests and this minimizes the need for people to travel, thus mitigating the risk of people being exposed to the virus or even being infected," Legarda said.

As the author and sponsor of House Bill No. (HB) 6864, or the "Better Normal Bill", which she sponsored at the start of the pandemic yet, Legarda said the bill aims to strengthen the country's COVID-19 response by mandating local government units (LGUs) considered as "critical zones" for COVID-19 to put up testing centers and procure COVID-19 test kits and protective equipment necessary to conduct mass testing. The measure likewise provides for the establishment of drive-thru testing centers, and other contactless modes of testing. Furthermore, the bill mandates the conduct of a nationwide testing drive in preparation for possible waves of infection surges in the coming months or years.

"Ang intensyon po ng probisyon na ito ay makapagbigay ng libreng testing sa ating mga mamamayan sa pamamagitan ng pagpapalawak ng ating testing centers at pag-procure ng test kits kaya tiniyak po nating maisama ito sa panukalang batas noong ipinasa natin ito sa Kongreso," Legarda said.

"Kung ito po ay maisabatas na, magiging mandatory at readily available na po [ang free testing]. Legarda concluded.

House Bill 6864 was passed on 3rd reading by the House of Representatives on August 10, 2020 and is now pending in the Senate for approval.



## CAVITE HIGHLIGHTS

By:

Yna Palparan Bautista

**Felipe Calderon - Siya ang sumulat ng Malolos Constitution. Siya ay tagaTanza, isang abogado at editor ng La Independencia na isang pahayagan noong panahon ng Kastila. Naging malapit siya kay Gen. Aguinaldo.**

# DepEd to include more grade levels in expanded face-to-face classes

As it prepares for the expansion phase of limited face-to-face classes in basic education, the Department of Education (DepEd) is planning to include learners in other grade levels in the limited in-person sessions.

In an interview over dzBB, DepEd Undersecretary Nepomuceno Malaluan gave updates on the planned expansion of limited face-to-face classes amid the COVID-19 pandemic.

He mentioned that among the possible features of the expanded face-to-face classes is the inclusion of students coming from different grade levels.

"Ibubukas na ito sa (this will be opened) to more grade levels and more geographic areas," Malaluan said.

When DepEd implemented the pilot run of limited face-to-face classes in November, Malaluan said that only Kinder to Grade 3 learners for Elementary and those who need laboratory in Senior High School (SHS) under technical-vocational livelihood (TVL) track were allowed to participate.

Learners in Grades 4 to 6 (Elementary) and those in Grades 7, 8, 9, and 10 (Junior High School) were not included in the pilot implementation of limited face-to-face classes.

"Ang ating rekumendasyon dito sa expanded face-to-face classes ay nakabatay sa naging resulta ng ating pilot face-to-face," Malaluan said.

He explained that areas under Level 3 — which include Metro Manila, among others — will not be allowed to expand face-to-face classes yet.

Malaluan explained that there are two parameters on the expanded face-to-face classes.

"Una ay ang aspect ng readiness ng paaralan na tumupad sa protocols batay doon sa guidelines ng DepEd at DOH at iyon ay makita natin na it is working during the pilot phase," he said.

The second parameter, Malaluan said, is the COVID-19 risk assessment which is based on the alert level system.

DepEd said that the pilot run, which included 100 public schools and 20 private schools, was designed to focus on younger children as advised by health experts and the Department of Health (DOH).

The pilot run of limited face-to-face classes was participated by 15,683 learners in 287 public and private schools nationwide from Nov. 15 to Dec. 20, 2021.

Last year, DepEd said that the expansion phase of face-to-face classes will start this month.

However, due to the surge in coronavirus disease (COVID-19) cases driven by the Omicron variant, DepEd was advised by the Inter-Agency Task Force (IATF) and DOH to put its expansion plans on hold.

During President Duterte's Talk to the People early this week, Education Secretary Leonor Briones reported to the President the "successful implementation" of the pilot face-to-face classes.

Briones also reiterated the plan of DepEd to push through with its expansion phase in February but only in Levels 1 and 2 areas. DepEd said that only vaccinated learners and teachers against COVID-19 would be allowed to participate.



**619 KATAO SA SILANG, NAGING BENEPISYARYO NG TUPAD .** Tinatayang umaabot sa 2.5 milyong piso ang naipamahagi ngayon araw sa 619 indibidwal sa bayan ng Silang na kabilang sa programang Tulong Panghanapbuhay sa Ating Displaced/Disadvantaged Workers (TUPAD) ng Department of Labor and Employment (DOLE). Katuwang sina BM Paolo Crisostomo, former Mayor Omil Poblete at ang Lokal na Pamahalaan ng Silang sa pangunguna nina Mayor Corie Poblete at VM Aidel Belamide, pinangunahan nina Congressman Roy at Congresswoman Dahlia Loyola ang pamamahagi ng id at transaction codes sa mga benepisyaryo ng nasabing programa. Ang mga transaction codes na ito ay ibinibigay sa mga benepisyaryo upang makuha nila ang PhP 4,000.00 na suweldo na kanilang kinita para sa kanilang sampung araw na pagganap sa iba't-ibang gawaing pangkomunidad.



**LET SAY THEY MEET EACH OTHER, GREET AND POSE FOR A PICTURE.** (RIGHT) WELCOME BACK TO PASIG CITY FIRE STATION F/SUPT. ARISTOTLE B. BAÑAGA, THE NEW CITY FIRE DIRECTOR OF PASIG BFP.

(LEFT) FAREWELL TO OUT GOING F/ SUPT. JOHN F. PINAGOD, JR., THE NEW REGIONAL CHIEF OF STAFF BFP-REGION III.

GOODLUCK ON YOUR NEW ASSIGNMENT SIR! THIS PICTURE WAS TAKEN ON JANUARY 13, 2022 AT PASIG CITY CENTRAL FIRE STATION...

*FERDIE NAVAREZ,*
*PHOTO BY JAIME RABIMBE*

## EDITORIAL

**Tayo ay isang bansang binubuo ng libo-libong pulo. Ang dagat ay nag-uugnay sa atin kung marami tayong mga barko na magdadala ng kagamitan at kalakal sa isa't-isa. Isang larangan na di natin pinagtutuunan ng pansin ay ang paggawa ng mga barkong likhang Pilipino na ugma sa pansariling kalakalang dagat. Tayo ang isa sa mga pinakamahusay na supplier ng mga marino sa buong daigdig, subali't sumasakay tayo sa mga barkong hindi naman atin.**

**Marapat na ang Gobyerno ay pag-isipan ang sistemang magpapaunlad sa mga sasakyang dagat na atin at gagamitin sa kalakalang panloob.**

# Dasmariñas LGU gets 94% DOE efficient energy use rating



The City Government of Dasmariñas acquired a 94 percent rating for its effective and efficient use of energy in an evaluation performed by the Department of Energy (DOE), in partnership with the Department of Science & Technology (DOST).

Dr. Ronaldo Parreño, Jr., Senior Science Research Specialist, Engr. Federico Del Pozo, Jr., Senior Science Research Specialist, and Mr. Jay-Ar J. Bañados (Science Aide) conducted the evaluation on the Government Energy Management Program Energy Audit Report involving offices within the city government building.

Mayor Jenny Austria-Barzaga said of the rating as proof that the city government is conscious in its effort to support and advocate conservation of energy.

# Halos 180-M, utang ng PhilHealth sa mga birthing clinic

Umabot na umano sa halos P180 milyon ang utang ng PhilHealth sa mga nagpapatakbo ng mga birthing clinic o paanakan, ayon sa naging panayam kay Patricia Gomez ng Integrated Midwives Association of the Philippines (IMAP).

"Ang mga private midwives natin ay may birthing clinic. So, PhilHealth accredited po ito sila. So, ngayon, ang problema, dahil 'no balance billing' 'di ba, hindi sila, what I mean, naniningil sa pasyente, ay of course, sisingilin nila sa PhilHealth kasi nga 'no balance billing' eh," ani Gomez sa naging interbyu ng TeleRadyo.

Dagdag pa niya, naging paunti-unti umano ang pagbabayad sa kanila ng ahensya.

"And in fact, Kabayan, ang dami na naming meetings eh. May pocket meetings kami sa mga regional VPs nila. Meron din kaming meeting dito sa national… Ang sabi nila ay, medyo, nung una, system problem. Tapos, sunod na naman, hindi ko alam na kung anong mga rason," pagpapatuloy pa niya.

"So doon sa mga pocket meetings na ganoon din, ang aming sinasabi sa kanila, kasi sabi ni Atty. [Dante] Gierran lately, eh nasa kanila naman sa regional office naman yung pera, bakit hindi maibibigay."

"Sa totoo lang po, accumulated namin na hindi nabayaran ng PhilHealth, kasi nagkaroon na po ng survey sa aming mga midwives, umabot na po ng mga almost P180 million po," kuwento ni Gomez.

Nakikiusap na umano sila ngayon sa ahensya na bayaran ang mga utang nito at unahin ang mga paanakan sa mga lugar na sinalanta ng bagyong Odette.

"Kasi ang dami talagang birthing clinics na wala na ng bubong and yet gumagawa pa rin or nagbibigay pa rin sila ng serbisyo sa ating mga kababayan," ayon kay Gomez.

"Ayokong umiyak kasi sa totoo lang, kawawa sila na kahit walang ilaw, walang tubig eh talagang ang serbisyo ay nandadyaan. Kaya lang sana, hinihingi namin kay President Gierran, na medyo i-expedite naman nila yung mga affected na areas kasi wala talaga sila, drained talaga sila."

"Drained na nga sila bago mag-Odette, 'di ba, wala na silang--anong pangsuweldo sa staff? Anong pambili ng supplies? Anong pambili ng equipment? 'Di ba? And yet, ginagawa na lang nila, naka-ilaw ng kung anong ilaw diyan."

Batay kay Gomez, bago pa man magpandemya ay mayroon ng utang ang PhilHealth sa kanila.

"Meron pa kaming

(cont. P.6)




# Madidiskwalipikang kandidato bago ang halalan, maaaring palitan-COMELEC

Nilinaw ni Comelec Senior Commissioner Rowena Guanzon kahapon, Enero 19, 2022, na maaaring palitan ang isang kandidato na madidiskwalipika bago sumapit ang halalan 2022.

Ang pahayag ni Guanzon ay kaugnay umano sa ginawang pagbasura ng COMELEC 2nd division sa petisyon na magdidiskwalipika sa kandidatura ni presidential aspirant Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. para sa darating na halalan dahil sa kawalan ng sapat na batayan na nagpapatunay ng material misrepresentation.

"Yung petitioners, ayon sa Second Division resolution, nagkamali po sila dahil dapat yung ground lamang nila sa cancellation isa lang, that Marcos made a false representation sa COC kung kaya dapat ikansela ang kanyang COC," ani Guanzon sa Facebook live.

Ang naunang ibinasurang petisyon ay isa lamang umano sa mga inihaing petisyon laban kay Marcos.

Ayon sa ulat ng GMA News, mayroon pang nakabinbin na disqualification case laban kay Marcos sa COMELEC 1st division na siyang hawak nina Guanzon, kasama sina Commissioners Marlon Casquejo at Aimee Ferolino-Ampoloquio.

Ipinaliwanag din ni Guanzon ang pagkakaiba ng disqualification case sa cancellation case.

Aniya, maaari umanong palitan ng kaapelyido o kapartido ang isang kandidatong nadiskwalipika bago ang halalan.

"Anong resulta kapag nakansela ang COC? Ibig sabihin sa simula pa lang dapat invalid or void ang kanyang COC, ibig sabihin parang wala siyang na-file na COC. Ang ibig sabihin po ng cancellation ang resulta po niyan hindi po siya puwedeng makapag-substitute," paglilinaw ni Guanzon.

Kandidatong madidiskuwalipika, puwedeng palitan—Comelec official

Enero 19, 2022 6:59pm GMT+08:00

Ayon kay Guanzon, ang cancellation case ay iba sa disqualification case. Sa disqualification case, maaari umanong palitan ang nadiskuwalipikang kandidato.

Nilinaw ng isang opisyal ng Commission on Elections (Comelec) na maaaring palitan ang isang kandidatong madidiskuwalipika bago ang halalan.

Ito ang ipinaliwanag ni Comelec Senior Commissioner Rowena Guanzon, kaugnay sa ginawang pagbasura ng Comelec Second Division ang petisyon na kanselahin ang certificate of candidacy (COC) ni presidential aspirant Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. para sa Eleksyon 2022 dahil sa kawalan ng merito.

"Yung petitioners, ayon sa Second Division resolution, nagkamali po sila dahil dapat yung ground lamang nila sa cancellation isa lang, that Marcos made a false representation sa COC kung kaya dapat ikansela ang kanyang COC," sabi ni Guanzon sa Facebook Live.

Ang nabasurang petisyon ay isa lamang sa mga inihaing petisyon laban sa kandidatura ni Marcos.

Katunayan, may nakabinbin na disqualification case laban kay Marcos sa Comelec First Division, na miyembro si Guanzon, kasama sina Commissioners Marlon Casquejo at Aimee Ferolino-Ampoloquio.

Ayon kay Guanzon, ang cancellation case ay iba sa disqualification case. Sa disqualification case, maaari umanong palitan ang nadiskuwalipikang kandidato.

Pero ang kailangan na pumalit sa kaniya ay kaapelido niya at kapartido.

"Anong resulta kapag nakansela ang COC? Ibig sabihin sa simula pa lang dapat invalid or void ang kanyang COC, ibig sabihin parang wala siyang na-file na COC. Ang ibig sabihin po ng cancellation ang resulta po niyan hindi po siya puwedeng makapag-substitute," paliwanag ni Guanzon.

"Ano po ang kaibahan niyan sa doon po sa disqualification na hawak namin? Ang resulta po 'pag siya ay na-disqualified ay puwede siyang mag-substitute basta kapartido niya at magkapareho ng apelyido. Hindi po kailangang magkamag-anak sila basta magkaapilyedo po sila at pareho sila ng political party," dagdag pa nito.

Maaari rin umanong gawin ang 'substitution' sa nadiskuwalipikang kandidato "before noon of Election Day."

Pagpapatuloy ni Guanzon, maaari pa rin umanong iapela sa COMELEC En Banc at sa Korte Suprema ang naging desisyon ng 2nd division dahil sila pa rin umano ang may hawak ng huling desisyon kaugnay sa nasabing petisyon.

# P5.36 BILYON HALAGA NG ILLEGAL NA DROGA, SINUNOG SA CAVITE



NASA P5.36 bilyon halaga ng illegal na droga ang sinunog ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) sa Integrated Waste Management , Inc (IWMI) sa Trece Martires City, Cavite

Dakong alas 9;00 ng umaga ng isagawa ang pagsunog sa nasabing mga illegal na droga sa Intergarated Waste Management Inc. sa Brgy Aguado, Trece Martires City, Cavite.

Base sa alinsunod sa guidelines ng kustodiya at disposisyon sa mga nakumpiskang mga illegal na droga sa ilalim ng

(cont. P.7)

## Halos 180-M... (from p. 5)

2018, 2017 na sisingilin sa kanila, patong-patong na."

"Nag-usap din po kami ni Dr. De Grano, tungkol doon. Gusto din namin mag-holiday sana. Kaya lang, naawa kami sa mga nanay, lalo na yung walang-wala, talaga napupunta sa amin at manganaganak," aniya.

Samantala, nagbigay naman ng maikling mensahe ang ahensya at sinabing kakausapin nila ang IMAP.

# HUMANITY TRIVIA



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA (TWIN BROTHER OF VER)

(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)

Safety razor - 1895

Photoelectric cell - 1896

Peach - China

Pear - Middle East

Carrot - eye disease

# CAVITE MARPSTA – MARITIME GROUP, SUMABAK SA SIMULTANEOUS COMELEC CHECKPOINT



Noong ika-9 ng Enero 2022, sa ganap ng 12:00 ng madaling araw pinangunahan ni PMAJ ARNOLD S PENALES, hepe ng Cavite Maritime Police Station, ang pagsita at pagbabantay sa lahat ng mga sasakyang dumadaan sa Brgy. Daang Amaya 1, Tanza, cavite alinsunod sa unang araw ng eleksyon period ngayong taon. Ang nasabing COMELEC checkpoint ay isinagawa ng pinagsamang pwersa ng mga tauhan ng Cavite MARPSTA at Tanza MPS sa pamumuno ni PLTCOL GERRY M LAYLO.

Ang nasabing COMELEC checkpoint ay kaugnay parin ng pagpapatupad sa Eleksyon Gun Ban para sa nalalapit na Halalan sa darating na ika-9 ng Mayo 2022. Kaugnay nito, nagsanib pwersa din ang mga tauhan ng Cavite MARPSTA at mga tauhan ng Naic MPS sa pamumuno ni PLTCOL MARLO N SOLERO sa pagbabantay ng COMELEC checkpoint sa A. Soriano Highway, Brgy. Timalan Balsahan, Naic, Cavite. Layunin ng naturang checkpoint na mapigilan ang pagkalat ng mga iligal na armas na maaring magamit sa panahon ng eleksyon at sa pagsagawa ng anumang krimen. Layunin din ng mga checkpoints na ito ang pagkakaroon ng malinis at mapayapang halalan sa buong lalawigan ng Cavite. Si PMAJ PENALES, sampu ng kanyang mga tauhan, ay magiting sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan lalo na ngayong papalapit na pang National at Local na Eleksyon 2022.**(MARGIE BAUTISTA)**

## P5.36 BILYON HALAGA... (from p. 6)

Republic Act no. 9165 o ang Comprehensive Drug Act of 2002 at Dangerous Drug Board Resolution No. 1 Series of 2002.

Ang pagsunog sa mga nakumpiskang mga illegal na droga ay hindi na kakailanganin bilang mga ebidensiya sa korte.

Inilalagay ang mga illegal na droga sa isang thermal decomposition o thermolysis na may 1,000 degrees centigrade na init upang masigurong "totally decomposed".

Pinangunahan ang naturang pagsunog sa mga ilegal ng droga ni PDEA Director Wilkins Villanueva at sinaksihan ng Philippine National Police (PNP), Department of Justice (DOJ) at Department of Interior and Local Government (DILG), Director PNP Forensic Group PBGeneral Bellu Tamayo, Atty. Theodore Villabueva Senior Deputy,State Prosecutor,

National Prosecution Service at Atty Ryan Veva,PAO, Trece Martirez City.**MARGIE BAUTISTA**



# Health Benefits...

## KAALAMAN TUNGKOL SA KAMOTENG KAHOY BILANG HALAMANG GAMOT

Ang kamoteng kahoy ay isa rin sa mga kilalang bungang-ugat na karaniwang tinatanim sa bansa. Ang ugat nito na kahalintulad ng kamote ay ginagamit sa maraming lutuin na kadalasan ay kakanin. Ang halaman nito na may katamtamang taas ay madaling makikilala sa dahon na palapad na tila may limang daliri. Ito rin ay namumulaklak at mayroon ding bunga na maliit at bilugan. Ito ay karaniwang nakikita sa mga taniman sa mga bukirin sa uong kapuluan ng Pilipinas.



*Scientific name: Jatropha manihot Linn.; Jatropha janipha Lour.; Manihot esculenta Crantz; Manihot manihot (L.) Cokerell*
*Common name: Kamoteng Kahoy, Balinghoy (Tagalog); Cassava (Ingles)*

**ANO ANG MGA SUSTANSYA AT KEMIKAL NA MAAARING MAKUHA SA KAMOTENG KAHOY?**

Ang iba't ibang bahagi ng halamang kamoteng kahoy ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang dahon ay maaaring makuhanan ng mandiocin na isang glucoside. Mayroon din itong flavonoids, saponins at vitamin C

Mayroong lason na hydrocyanic acid na matatagpuan sa balat ng ugat ng kamoteng kahoy.

May mataas na lebel ng starch at proteids sa bungang ugat nito.

**ANONG BAHAGI NG HALAMAN ANG GINAGAMIT BILANG GAMOT, AT PAANO GINAGAMIT ANG MGA ITO?**

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

Dahon. Ang mga dahon ng kamoteng kahoy ay maaaring dikdikin at ipantapal sa mga apektadong bahagi ng balat. Maaari din itong ilaga at ipainom sa may sakit.

Batang ugat. Ang mga maliliit na ugat (rhizome) ng kamoteng kahoy ay mabisa para sa ilang mga karamdaman. Ito ay kadalasang inilalaga at ipinapainom sa may sakit.

Dagta. Maaaring gamitin din ang dagta mula sa dahon ng kamoteng kahoy sa paggagamot ng sa ilang kondisyon sa katawan. Kadalasan, ito ay ipinangpapahid sa apektadong bahagi ng katawan.

Balat ng kahoy. Ginagamit din ang balat ng kahoy ng kamoteng kahoy sa pamamagitan ng paglalaga nito.

Bungang-ugat. Maaari ding gamitin ang bungang ugat sa paggagamot. Ito ay maaaring kainin lamang o katasan.

**ANO ANG MGA SAKIT AT KONDISYON NA MAAARING MAGAMOT NG KAMOTENG KAHOY?**

1. Rashes sa balat. Ang mga butlig-butlig na dulot ng ilang mga sakit gaya ng bulutong at tigdas ay maaaring matulungan ng pagpapahid sa balat ng dinikdik na dahon ng kamoteng kahoy.

2. Sugat. Ang mga sugat na matagal gumaling ay maaaring matulungan ng pagtatapal ng dinikdik na batang ugat ng kamoteng kahoy.

3. Iritasyon sa mata. Maaaring ipampatak sa mata ang dagta mula sa dahon ng kamoteng kahoy upang guminhawa ang iritasyon sa mata.

4. Rayuma. Ipinangbababad o pinanghuhugas naman sa bahagi ng katawan na dumadanas ng pananakit dahil sa rayuma ang pinaglagaan ng balat ng kahoy ng kamoteng kahoy.

5. Lagnat. Mabisang nakakapampababa ng lagnat ang pagtatapal ng dahon ng kamoteng kahoy sa noo ng taong mayroong mataas na lagnat.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

VOL.VI NO. 08

# TATLONG ESKWELAHAN AT ISANG BARANGAY SA IMUS, NAKATANGGAP NG HANDWASHING STATION, LEARNING KITS, AT IBA PA



Natanggap ng mga paaralan ng Alapan 2, Malagsang 1, Gov. D.M Camerino Integrated School, at barangay ng Espeleta 1 ang iba't ibang tulong mula sa RI District 3810 at Rotary Club of Imus sa pangunguna nila Chapter President Jelyn Maliksi at District Gov. Robert Koa.

Mula sa proyektong ito ay naihandog ang handwashing station, learning kits, COVID-19 essentials, at tower Wi-Fi with unlimited data. Kasabay nito ay nagkaroon rin ng tree-planting program para sa mga nabanggit na paaralan.



*Enero 19, nag courtesy call si Vice Admiral Adeluis S. Bordado, ang Flag Officer in Command ng Philippine Navy upang personal na mapagsalamat kay Cong. Jon-Jon, bilang Chairman ng Committee on National Defense (Commission on Appointments), para sa pag-apruba ng kanyang promosyon noong Setyembre 2021.*

*Tinalakay din nila ang mga usapin hinggil sa mga promosyon at appointments ng mga opisyal ng AFP upang lalo pang matulungan ang ating hukbong sandatahan.*

*(Ang kanilang pong mga masks ay panandaliang tinanggal para sa pagkuha ng litrato.)*



*Isang bagong patrol car ang ipinagkaloob sa Rosario Municipal Police Station kamakailan, na pinangunahan ni Mayor Jose Volataire V. Ricafrente.*



See us at General Juan Castañeda street near the Imus Plaza



SEE YOU AT GEN. E. TOPACIO ST. NEAR THE TOPACIO COMPOUND IMUS, CITY

## DO YOU KNOW ?

*Levi and Strauss made the first Denim Jeans in 1850.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY
Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**